

1

“Hay buhay!” sumusukong sambit ni Claire habang nakasalampak sa sahig ng sala. Nanlalatang pinatong niya ang siko sa center table katabi ng kanyang laptop at nangalumbaba. Lagpas ang kanyang tingin sa monitor ng computer. Hindi niya matapus-tapos ang disenyo ng sinisimulan niyan website dahil lumilipad ang utak niya. Kahit anong concentrate ang awin niya ay hindi mawaglit-waglit sa isip niya ang kinakaharap niyang problema ngayon.

“Argh!” biglang sigaw niya, sabay sabunot sa buhok. Sasabog na yata ang ulo niya sa kakaisip ng solusyon.

Isa siyang freelance website designer. Tatlong buwan pa lang siya sa trabahong iyon. Dati siyang nagtrabaho sa isang software firm sa Cebu. Mahigit dalawang taon din siya roon bilang software development engineer. Ayos na sana ang lahat kung hindi lang siya niligawan ng matandang department head nila. Simula nang bastedin niya ito, lagi na itong naghahanap ng paraan para magkamali siya at mapagalitan sa harap ng mga kaopisina.

Imbis na mag-apply sa ibang software company,

naisipan niyang subukan ang pagiging website designer. Tatal ay may mga contacts na siya at sapat na ang nakuha niyang experience para makapagsimula ng panibagong career.

Ang problema, magka-college na sa susunod na pasukan ang kapatid ni Claire at naipangako niya sa kanyang ina na siya ang magpapaaral dito. Sa susunod na buwan ay darating na ito mula sa Davao. Doon siya talaga lumaki at nangungupahan lamang sa Cebu. Hindi pa sapat ang ipon niya para matustusan ang pag-aaral nito. Simula nang maging freelancer siya ay dalawang projects pa lang ang nakukuha niya. Kung ganito ang takbo ng trabaho niya, baka mahirapan siya. Nagpakawala siya ng isang malalim na buntong-hininga at ipinikit ang mga mata. Hindi pa man siya nagtatagal sa ganoong posisyon ay biglang tumunog ang telepono na katabi lang ng kawayan na upuan.

“Hello?” walang kagana-ganang sagot niya nang angatin niya ang receiver.

“Claire, Ryan ‘to,” pakilala agad ng pamilyar na boses sa kabilang linya.

Pakiramdam niya ay lumundag ang puso niya nang marinig ang tinig ng kaibigan. Umayos siya ng upo. Magkahalong tuwa at lungkot ang dala ng

pagtawag ni Ryan sa kanya.

“Ryan! ‘Musta? May bago?” Pilit niyang pinasigla ang boses.

Si Ryan ang president ng *Ranger Mountaineering Club*, kung saan nagtipun-tipon ang mga taong mahilig sa adventure at outdoor activities gaya ng mountain climbing o trekking, rapelling, rock climbing, wall climbing at iba pa.

“Siyempre, meron. Di ka yata nagpaparamdam these past few days, ah.”

“Oo nga eh. Marami lang projects na kinailangang tapusin,” palusot ni Claire. “O, ano na’ng bago natin ngayon?” kaswal niyang tanong. Hindi niya lang basta malapit na kaibigan si Ryan, ito rin ang minamahal niya. Matanda ito sa kanya ng apat na taon. Sabay silang sumali sa *RMC* apat na taon na ang nakakalipas. Unang kita pa lang ay nagka-crush na siya rito. Hindi kataka-taka dahil guwapo talaga ito, matangkad at moreno. Idagdag na ang pagiging mabait nito sa kanya at laging nakaalalay sa kanya noong Recruitment Day nila.

Sa lahat ng mga lalaking kasamahan niya sa club, dito lang siya malapit at ganoon din ito sa kanya. Ang buong akala niya ay mahal din siya nito. Ngunit

nagkamali siya. Hanggang ngayon ay naaalala pa niya ang mukha nito nang araw na ipagtapat niya sa binata ang tunay niyang nararamdaman. Kandabulol ito sa pag-aapuhap ng tamang salita para hindi siya masaktan.

“I... I’m sorry if my actions misled you into thinking I have romantic feelings for you. I don’t have any intentions of hurting you, but the truth is, I only love you like a little sister, Claire...”

“Next week na ang recruitment,” anito na nagpabalik sa kanya sa kasalukuyan. Kung magsalita ito ay parang walang anumang nangyari sa kanila noong isang linggo. Mukhang binura nito sa isip ang araw na iyon na pumunta siya sa bahay nito at nagpahayag ng damdamin. “Don’t be late at magdala ka na rin ng puwede nating ma-recruit.”

‘Recruitment Day’ ang tawa nila kapag naghahanap sila ng bagong member sa RMC. Isinasama nila ito sa activities nila nang ganoon ay magkaroon ng idea ang isang recruit kung anong klaseng activities ang ginagawa ng club nila. “Saan daw ba ang venue ngayon?”

“Ayan kasi, eh, hindi ka dumalo sa last meeting. Sa Carcar tayo pupunta. Huwag kang mawawala. All officers must be there. Lalo na ang vice-president

ko,” tukoy nito sa kanya. Kahit hindi niya ito nakikita, alam niyang nanunudyo ang ngiti nito. Parang pag-aari siya nito kung tawagin. Bago pa man siya makapagsagot dito ay may narinig na siyang tinig ng isang babae sa kabilang linya. May babae sa bahay ni Ryan? Ano ang ginagawa ng mga ito?

“Honey, I’m done! Halika na!”

“Who’s that girl?” Halata ang inis sa tono niya.

“S-si ano... Uhm...” Halatang natataranta si Ryan sa paghahanap ng paliwanag.

Walang paalam na ibinagsak niya ang receiver. Dahil sa sagot nito, nakumpirma niyang hindi iyon basta babae lang. Girlfriend iyon ng lalaki. Nagsisikip ang dibdib ni Claire sa galit at sakit. Ano ba ang mayroon sa babaeng iyon na wala sa kanya?

“Kapatid? Hah!” naiinis niyang sabi sa sarili at napabuga ng hangin. “Kapatid daw. Bakit, Valdez ba’ng apelyido ko?” tukoy niya sa surname ni Ryan. “Hindi naman, ah! Candelaria ang apelyido ko! Ang layo ng C sa V!”

Narinig niya ang pagbukas ng pinto.

“Ano na namang drama ‘yan at kinakausap mo’ng sarili mo?” bungad ni Art. May dala-dala itong

dalawang supot ng grocery bags. Ito ang best friend at ka-share niya sa apartment.

Matalim niya itong tiningnan. “Manahimik ka diyan, bakla.” Pambihirang buhay! Namomroblema na nga siya sa career at pera, dumagdag pa ang puso niya.

Tinaasan lang siya ng kilay ng gay best friend at hindi apektadong dumerecho sa kusina. Narinig niyang inilapag nito ang bags sa mesa at pagkuwan ay lumabas uli. Sumandig ito sa dingding na nagsisilbing pagitan ng sala at kusina nila. “Ano ba’ng problema mo?”

Humalukipkip siya at tumingin sa labas ng binatang. “I so hate him! Hindi ako dadalo sa Recruitment Day next week! Manigas siya sa kakahintay!”

Narinig ni Claire ang maiksing tawa ni Art. “Don’t tell me, binasted ka na naman ng labidabs mo?” patungkol nito kay Ryan. Alam nito ang tungkol sa pagkakagusto niya sa lalaki at ang kagagahang ginawa niya noong isang linggo.

Hindi man lang siya tumingin dito. Hindi rin siya nagsalita.

“Hay naku, Claire! Ewan ko ba naman sa ‘yo. Ano

ba'ng pumasok sa malapad mong kukote at ginawa mo na naman 'yun, ha? Kahit kelan talaga..."

Nakita niya sa sulok ng kanyang mga mata ang pag-iling nito at pagtalikod. Pumasok ulit ito sa kusina. Tumayo siya at sumunod dito. Nabungaran niya na inilipat nito ang mga pinamili sa kitchen cabinet. Hindi man lang siya sinulyapan. Umupo siya sa upuan, ipinatong ang siko sa mesa at nangalumbaba. "Correction, hindi ako nag-propose ulit, okay?"

"O, eh, kung hindi, ba't nagkakaganyan ka?"

"May girlfriend na siya," tangi niyang sagot.

Noon na ito lumingon sa kanya. "Guwapo siya. Natural lang na maka-girlfriend siya."

Naipadyak niya ang isang paa. "Pero bakit hindi puwedeng ako?"

"Mare, sinabi niya na, di ba? Kapatid lang ang turing sa 'yo. Malabong mangyari ang gusto mo." Itinigil nito ang ginagawa at inilapag ang mga delata sa mesa. Nanatili itong nakatayo sa harap niya.

Mataman siyang tumingin dito. "You're not helping me."

Tumaas ulit ang markong kilay nito. "At ano'ng gusto mong gawin ko, mag-drama dito at sabihin sa

‘yong maghintay ka lang at mangyayari rin ang gusto mo? Excuse me!”

“Kesa naman i-discourage mo pa ‘ko, alam mo na nga’ng sitwasyon ko!”

“Mare, kilala mo ‘ko, I always tell the truth no matter how painful it is.”

Siya naman ang napataas ng kilay. Limang taon na silang magkakilala ni Art. Taga-Bacolod ito. College pa lang ay magkaibigan na sila. Hindi niya alam kung papaano nagsimulang naging matalik silang magkaibigan, iba kasi ang kurso nito. Basta namalayan na lamang nila na palagay na ang loob nila sa isa’t isa at nagdesisyong magsama na lamang sa iisang apartment.

“Nakakainis ka. Hindi mo sineseryoso ang problema ko.”

“Nakaramdam ka lang ng kung anong kabog diyan para kay Ryan, nag-conclude ka na agad na love mo siya.”

“Because it’s true!”

“Because it’s true,” maarteng panggagaya nito sa sinabi niya. “As if naman na-in love ka na noon. Eh, eversince the world began, zero ang love life mo.

Aber, sabihin mo nga sa ‘kin, ilang buwan mong in-assess ‘yang feelings mo para sa kanya?’ hamon nito.

Saglit siyang natameme. “I-isang gabi.”

“Kita mo na? Padalos-dalos ka kasi. Dapat pinag-iisipan nang matagal ang mga ganyang bagay.”

“Hoy! Hindi porque tama ang mga advice at kung anu-anong chenelyn mo sa listeners mo ay applicable na ‘yan sa ‘kin!” Isa itong DJ sa isang radio station sa Cebu at sikat na sikat ang segment nito tungkol sa mga taong humihingi ng advice tungkol sa buhay-buhay, pag-aaral at kadalasan ay problemang puso. Lumang concept, maliban na lamang sa hindi babae o lalaki ang ‘Dr. Love’ kundi isang bading. Pero patok na patok pa rin lalo na sa kababaihan. Magaling kasi itong adviser at bukod pa roon ay pinapagaan ni Art ang problema ng caller dahil sa pagiging palabiro nito.

Ngumiti lang ito sa kanya na para bang sinasabi na, *‘Tkaw ang bahala. Tingnan natin’* at kumibit ang balikat. Napabuntong-hininga siya. Ano ba ang puwede niyang gawin para mahal in siya ng taong mahal niya? Lagi na lang siyang nasasawi. Sa tuwing may nagugustuhan siyang lalaki at ipinapaalam niya ang nararamdaman niya para rito ay lumalayo ito. Hindi naman kasi siya iyong tipo ng babae na ililihim

ang nararamdaman. Handa siyang sumugal malaman niya lang kung mahal din siya ng lalaki o hindi. Sa kaso ni Ryan, hindi nga ito lumayo, pero hindi rin nito tinanggap ang inaalay niyang pagmamahal. Iyon ang mas masakit para sa kanya. So near yet so far ang drama nila. Ang malas naman niya yata pagdating sa pag-ibig.

Minamalas yata siyang talaga. Una ay ang madaliang pag-resign niya sa dating pinagtrabahuan at ang pagiging unstable ng bago niyang career. Pangalawa ay ang nalalapit na pasukan. Kulang pa ang ipon niya para sa pag-aaral ng kapatid niya. At ang panghuli ay ang buhay-pag-ibig niya. May mas mamalas pa kaya sa kanya? Ano kaya ang solusyon sa mga problema niya?

Napatuwid ng upo si Claire nang biglang may pumasok sa isip niya. “Art, di ba uuwi ka ng Bacolod next week?”

“O, eh, ano ngayon?”

“Ano kaya kung sumama ako sa ‘yo?’”

Bigla itong napalingson sa kanya. “At bakit? Ano na nama’ng nakain mo?”

“Wala naman. I was thinking, maybe we could climb the *Mount Kanlaon*.” Tumaas ang kilay nito

ngunit hindi nasalita, hinihintay ang sunod niyang sasabihin. “Baka kasi suwertehin ako d’on. Alam mo na.” Ngumiti siya nang makahulugan. Itinaas-baba niya pa ang dalawang kilay.

Nanlaki ang mga mata nito nang makuha ang gusto niyang sabihin. “Nahihibang ka na ba? Nagpapaniwala ka d’on?”

“Bakit hindi? Unicorns are real according to your hometown. Pati si Nanay Imelda ay gan’on din ang sinasabi. Wala namang masama kung susubukan ko, di ba?”

“Ayan ka naman sa desisyon mong ura-urada! Magtigil ka nga, Claire! Kung nag-iisip ka d’yan ng solusyon sa problema mo, mas may mahihita ka pa. Hindi ‘yung kung anu-ano walang kabuluhan ang naiisip mo,” saway ni Art sa gusto niyang mangyari.

“Mag-iisip naman talaga ako ng paraan, eh. Pero bago ‘yun, kailangan ko nang mag-relax at feeling ko ay super duper stressed na ‘ko these past few days. And since di ko trip makita si Ryan ngayon, I’ll go to *Mount Kanlaon* instead. At least double purpose, di ba? Nakapag-trekking na ‘ko, susuwertehin pa ‘ko.”

Napailing ito. “Naghahanap ka lang ng sakit sa katawan. Advice ko sa ‘yo, tigilan mo na ‘yang

kaartehan mo at sumama ka sa trekking ng grupo mo.”

Pinaikot ni Claire ang kanyang eyeballs. “Hello? As if I’m an amateur mountaineer? Sanay na ‘ko sa sakit ng katawan. Di hamak na mas challenging ang *Mount Kanlaon* kaysa sa *Mainit Mabunao Carcar* na naakyat ko na dati pa. Bakit baa ng dami mong tanong?”

“Dahil, hija, magiging pabigat ka lang sa ‘kin. Alam mong ayoko nang may kasama akong bisita pag-uwi ko ‘tapos pinipilit mo ang sarili mo d’yan?”

“Kelan ba ‘ko naging bisita sa inyo?” ganting tanong niya na nagpatahimik dito. Totoo naman kasi, ilang beses na rin siyang sumama kay Art sa hometown nito. Noon niya pa gustong umakyat ng *Mount Kanlaon*, lagi lang napo-postpone dahil sa baklang kaibigan niya. Ngunit ngayon na kailangang-kailangan niya ng suwerte, wala nang makakapigil pa sa kanya!

“Mag-wish ka na lang sa falling star o di kaya magpa-Sinulog ka kay Sto. Niño. Baka sakaling maawa pa sa ‘yo si God.”

Ang Sinulog ay isang tradisyon ng mga taga-Cebu kung saan magsasayaw ang isang matanda sa harap

ng simbahan ng Sto. Niño habang iwinawagayway ang kandilang binili. Bago pa man gamitin ang mga kandila ay kailangan munang magdasal ang mga deboto kasabay ng pagsayaw sabay sambit ng mga kahilingan.

“You know I don’t believe in falling stars. At ‘yang Sinulog ginawa ko na noong nag-resign ako. Isang linggo akong nagpabalik-balik sa *t* at inuulit-ulit ang hiling ko, pero hanggang ngayon wala pa rin ang suwerteng hinahanap ko.”

“Kung di ka ba naman kasi gaga. Alam mo nang kailangang-kailangan mo ng pera ngayon, sukat bigla ka na lang nag-resign sa trabaho mo!”

“Ikaw kaya ang ligawan at pag-initan ng isang matandang kalbo at mukhang buntis sa sobrang laki ng tiyan, tingnan natin kung hindi ka agad-agad lalayas!” Pinandilatan niya ang kaibigan.

“Ewan ko sa ‘yong bruhilda ka! Masyado kang mainipin. Hindi naman lahat ng hiling mo, ibibigay agad. Pustahan tayo, bukas ng umaga, mag-iiba na naman ‘yang takbo ng utak mo,” puno ng kumpiyansang sabi nito.

Matamis lang siyang ngumiti. Kilala siya ni Art na mainipin at maiksi ang pasensya. Maging ang

mabilis na pagdedesisyon at hindi pinag-iisipan ng mabuti ang magiging kahihinatnan ng madaliang desisyon niya. Gaya na lamang ng pagtigil niya sa trabaho, pagpapahayag ng damdamin kay Ryan at ang pagsama sa kaibigan sa Bacolod.

Ganoon talaga ang ugali ni Claire. 'Time is gold' ang motto niya sa buhay at walang puwang sa kanya ang kasabihang, 'Patience is a virtue'. Maiksi lang ang buhay at hindi niya iyon sasayangin sa paghihintay. Para sa kanya, ang tao ang gumagawa ng tadhana nito at hindi dapat umasa sa tinatawag ng iba na 'destiny'.

Sinasabi ng iba na kapintasan iyon, pero hindi para kay Claire. Oo nga at may mga desisyon siyang pinagsisihan, pero mayroon ding hindi. Ang mahalaga, nagawa niya ang nais niya. Ayaw niyang dumating ang araw na hanggang 'what-if' na lang siya. Kung sa huli ay lumabas na mali ang naging desisyon niya, que masaktan man siya, madapa o mapahiya, okay lang sa kanya. Ang mahalaga ay ang mga natututuhan niya sa mga pagkakamaling iyon.

2

Kilala ang *Mount Kanlaon* bilang isa sa pinakamataas na bundok sa Visayas. Matatagpuan ito sa loob ng *Mount Kanlaon National Park*. Ayon sa mga nakaakyat na roon, kakaiba umano ito sa ibang bundok. Doon nakatira ang iba't ibang klase ng hayop, endangered man o hindi. Bagaman maraming mountaineers na ang umakyat sa bundok at ng national park ang mga bulaklak, halaman at kakaibang puno ay hindi ginagalaw ng mga umaakyat doon. Masasabing nirerespeto talaga iyon ng mga taong nakakaalam ng kuwento ng *Mount Kanlaon*.

Isa sa mga rason kung bakit nirerespeto ito ay dahil sa paniniwalang maraming mabubuti at sagradong espirito ang namamahay roon. Isa sa mga sagradong bagay na pinaniniwalang nakatira sa bundok ay ang black unicorn na kulay-ginto ang sungay. Ayon sa matatanda, nagbibigay ito ng suwerte sa mga taong gusto nitong pakitaan at lapitan.

Noong unang panahon ay madalas itong nagpapakita, ngunit ngayon ay hindi na. Maraming nagsasabi na namatay na ito ngunit may iba namang nagsasabing pinili nitong huwag nang magpakita

dahil sa magulong takbo ng mundo ngayon. Naghanap ito ng isang tahimik na lugar na malayo sa kaguluhan. Ngunit kahit hindi na nagpapakita pa ang unicorn sa mga tao ngayon, may iba pa ring patuloy na naghahanap dito. Ang iba ay dahil sa dalang suwerte nito at may iba namang fascinated lamang dito at gustong makita ang sinasabing isa sa mga unsolved mysteries ng mundo.

At isa na si Lander sa huling kategorya. High school pa lamang siya ay fascinated na siya sa unicorns. Hindi niya alam kung saan nasimula ang fascination na iyon. Nang tumuntong siya ng college ay nagsimula na siya ng research kung saan puwedeng natatago ang mga ito.

Two years ago ay nakakuha sila ng impormasyon tungkol sa itim na unicorn na namamahay sa *Mount Kanlaon*. Hindi na siya nagpatumpik-tumpik pa, kasama ang tatlo niya pang barkada ay inakyat nila ang bundok. Hindi sila umaabot ng crater dahil mas priority nila ang unicorn na maaaring naroon lamang sa paligid ng national park. Naglalagi sila roon ng tatlo hanggang apat na araw. Sa ilang beses na nilang pabalik-balik ng *Mount Kanlaon*, hanggang ngayon ay hindi pa rin nila ito nakikita. Ngunit hindi pa rin sumuko si Lander. Para sa kanya, makikita at makikita niya rin ito sa takdang panahon.

Kasalukuyan siyang nag-iimpake ng mga gamit sa muling pagbabalik nila bukas sa *Mount Kanlaon* nang biglang mag-ring ang cellphone niya.

“O, pare, napatawag ka?” bungad niya sa kabarkadang si James.

“Tol, bad news.”

Napakunot-noo siya. “What kind of bad news?”

“Yung kinuha nating girl for tomorrow, si Maricris—hindi qualified, eh.”

Nakuha niya agad ang ibig nitong sabihin. “How did you know? Ginalaw mo?”

“Nakilala ng kaibigan ni Arjay ‘yung babae. It turned out na ex-girlfriend niya ito noong college. He confirmed it, pare.”

“You sure? Baka naman sinisiraan lang n’ung kaibigan ni Arjay ‘yung babae?”

“And why would he do that? Happily married na ‘yung tao, wala akong makitang dahilan para siraan niya ‘yung babae.”

Inis na sinabunutan niya ang buhok. Now what?

“So, ano, tuloy pa ba tayo?” tanong ni James nang hindi siya sumagot.

“Of course! D’on na lang tayo maghanap ng babae.”

“Sige. Kita na lang tayo tomorrow sa airport.”

“Okay,” aniya at pinutol na ang usapan.

Inis na itinapon niya sa kama ang cellphone at tumayo. Makahanap kaya sila ng babae bukas? Hindi lahat ng tao ay naniniwala sa unicorn. Para sa mga ito, kuwentong pambata lamang ang sinasabi ng matatanda. Isa pa, may magtitiwala naman kaya sa mga dayong katulad nila? Sino ba naman kasing matinong babae ang maniniwala at sasama sa apat na lalaking aakyat ng bundok para lang hanapin ang unicorn? Alam nilang napakaimposible niyon lalo na at hindi basta-basta babae ang hinahanap nila. Dapat ay isang birhen. Tiyak na hindi sasama ang mga ito sa kanila dahil natatakot ang mga itong baka gahasain nila sa gitna ng bundok. Suwerte na nga lang at nakakahanap sila ng babaeng pumapayag at nagtitiwala sa kanila kung minsan.

Sa tuwing ipinapaliwanag nila ang dahilan kung bakit kailangan nila ng babae at kung ano ang magiging papel nito sa kanilang paglalakbay ay natatakot ang mga ito. Ang iba naman ay hindi naniniwala. May ibang pumapayag, pero sa huli ay nalalaman nilang hindi naman pala qualified ang mga

ito. Kagaya na lamang ng nangyari ngayon.

Napabuntong-hininga si Lander. Sana ay makahanap sila ng babae para sa lakad nila.

Masayang tinanggap si Claire ng pamilya ng kaibigang si Art. Pababa pa lang sila ng inarkila nilang tricycle ay nagkukumahog na ang Nanay Imelda sa pagsalubong sa kanya sa gate. Maging ang labindalawang taong gulang at bunsong kapatid ni Art na si Mylene ay agad siyang niyakap. Humigit-kumulang dalawang oras ang biyahe nila mula sa Bacolod City.

“Nay, si Kuya Mark at si Tatay nas’an?” hanap ng kaibigan sa nakakatanda nitong kapatid. Tatlo lamang ang mga ito at ito ang nasa gitna.

“Nasa resort at nagtratrabaho. Mamaya pang gabi ang uwi n’on. Ang tatay mo naman, nasa palengke at inutusan kong bumili ng mauulam natin mamayang gabi,” paliwanag nito habang inaayos ang merienda sa mesa.

“Kaya po ginaganahan akong bumalik dito sa inyo, Nanay, eh. Asikasong-asikaso n’yo talaga ako,” biro niya sa matanda. Nagluto ito ng biko para sa kanila. Alam nitong gustung-gusto niya iyon.

“Huwag kang assuming, bruha. Ngayon lang ‘yan! Bukas na bukas din, isasama kita d’on sa malaking poso at ikaw ang mag-iigib,” kontra ni Art.

Inungusan niya ito. Natawa naman ang nanay nito sa kanya. “Kow! Kayo talaga. Halina kayo at kumain muna. Tiyak kong nagutom kayo sa biyahe.” Tinawag nito ang isa pang anak. “Mylene, ano pa’ng ginagawa mo diyan? Halika na’t sumabay ka na dito!”

“Opo!” sagot ni Mylene mula sa loob ng kuwarto nito.

Nahinuha niyang sinusukat na nito ang blouse na pasalubong niya para rito. Hindi nga nagtagal ay lumabas na ito suot-suot ang bigay niya.

“Naks! Dalagang-dalaga na ang bunso n’yo, ‘Nay, ah. Puwede nang ligawan.”

Humaba ang nguso ng dalagita. “Naku, Ate Claire, laking tutol lang ni Tatay pag nagkataon. Bawal pa daw akong mag-boyfriend.”

“Mabuti din ‘yun para makapag-concentrate ka sa pag-aaral. Saka ka na mag-boyfriend kapag nagka-boyfriend na ‘ko,” aniya na may halong biro.

“Kung hihintayin mo rin lang ang Ate Claire mo, Mylene, mabuti pang mauna ka na. Impossible

nang magka-boyfriend pa ‘yan,” singit ni Art habang dumudulog silang lahat sa mesa.

Nakatikim ito ng siko mula sa kanya. “Sige, apihin mo ‘ko. Kapag ako sinuwerte at ikinasal, hindi kita gagawing bridesmaid.”

Tumaas ang kilay nito at tumingin sa kanya. “Iyon ay kung mahahanap mo ang unicorn.”

Napatigil sa pagsubo ng biko sina Mylene at Nanay Imelda nang marinig ang sinabi ni Art. “Unicorn, Ate? Hahanapin mo rin ang unicorn? Sama ako!” excited na sabi ng dalagita.

“Sigurado ka ba diyan sa binabalak mo? Aba’y mahihirapan ka niyan, hija. Wala nang naniniwala ngayon na nasa *Kanlaon* pa siya.” Ang Nanay Imelda niya.

Nanlumo siya sa narinig. “Pero may possibility pa rin po, di ba? I mean, papaano siya lilipat ng ibang lugar?”

Kumabit ito ng balikat. “Yan ang hindi natin masasagot. Mahiwaga ang sagradong kabayong iyon, lahat ay kaya nitong gawin.”

“Sama ako, Ate Claire. Matagal ko na ring gustong pumunta ng *Mount Kanlaon*, eh. Ayaw lang

akong payagan nina Nanay at Tatay.”

“Dahil delikadong umakyat ng bundok nang wala kang kaalam-alam. Marami nang namatay sa pag-akyat doon. Nag-iingat lang kami.”

“Hindi naman ako pupunta sa crater mismo. Maglilibot lang naman sa *National Park*, eh,” parang batang rason ni Mylene.

“Tama si Nanay, Mylene. Bata ka pa. Saka ka na umakyat,” pagsang-ayon ni Art.

“Eh, sino’ng makakasama mo, anak? Hindi mo pa kabisado ang pasikot-sikot sa loob ng parke. Baka maligaw ka,” baling ni Nanay Imelda sa kanya.

Tinitigan niya si Art at binigyan ito ng isang matamis na ngiti. Ngunit pinandilatan lang siya nito ng mga mata.

“Huwag na huwag mo ‘kong masali-sali sa kahibangan mo!”

Kinabukasan ay bumaba ng bayan sina Mylene at Claire para maghanap ng tour guide na puwedeng sumama sa kanya. Ang dalagita mismo ang nagmungkahi niyon.

“Head turner ka, Ate. Ang ganda mo today, huh?” nakangiting biro nito nang bumaba na sila ng tricycle sa bayan.

Tiningnan niya ang mga tao sa paligid niya. At totoo nga. Halos lahat ng taong nakakasalubong nila ay lumilingon sa kanya. At alam niya kung bakit. Dahil iyon sa suot niyang black sleeveless blouse na see-through sa likod at sobrang iksing maong shorts. Nakikita pa ang pusod niya sa munting paggalaw niya. “Iba na talaga ang beauty queen,” pabirong sakay niya rito.

“Sabi naman kasi sa ‘yo palitan mo ng pantalon ‘yang shorts mo, eh. Alam mo namang hindi sanay ‘yung matatanda sa mga ganyang suot dito sa amin.”

“Dalawang pantalon lang ang dinala ko kasi nga ang plano ko ay mamundok. Saka, hindi ako masyadong mahilig magpantalon. Nagpapantalon lang ako kapag kailangan. Kaya hayaan mo silang lumuwa ang mga mata nila!”

Napailing ito. “Cebu girl ka nga, Ate. Saka nahahawa ka na rin sa katarayan ni Kuya Arturo.”

Natawa siya nang marinig ang totoong pangalan ng kaibigan. Simula kasi nang malaman ng kaibigan na may pusong babae pala ito ay never na itong

nagpatawag sa buong pangalan. Masyado raw kasing makaluma at lalaking-lalaki.

“Huwag na huwag mong mabanggit sa kuya mo ‘yang pangalan niya at maghuhuramentado ‘yun.”

Napabungisngis si Mylene. Ngunit natigil din nang may makitang kakilala. “Ay, saglit lang, Ate. Dito ka muna, lalapitan ko lang ‘yung classmate ko. Okay lang?” paalam nito.

“Yeah, sure. No prob! Hintayin na lang kita dito.”

Bumili siya ng newspaper at umupo sa upuang kahoy na nasa tabi ng newsstand. Doon niya na lang hihintayin si Mylene. Binuklat niya ang diyaryo at dumerecho sa showbiz column. Engrossed na engrossed siya sa pagbabasa niya nang bahagyang dumilim sa lugar niya. Kahit sino ay mapapaangat ng mukha upang alamin kung sinong mga nilalang ang dumaan.

Umangat ang isang kilay ni Claire nang makita ang apat na lalaking naglalakad palayo. Hindi katakatang bahagyang dumilim nang dumaan ang mga ito sa harapan niya. Ang tataas kasi ng mga ito at hunk na hunk ang dating. Palagay niya ay naglalaro sa 5’11” hanggang 6’2” ang height ng mga ito. Kung siya ay naging head turner sa kalalakihan kanina,

ang mga ito naman ngayon ang agaw-pansin sa mga tao sa bayan. Obvious na hindi taga-roon ang mga ito kung estado ng buhay ang pag-uusapan. Naka-walking shorts at t-shirt ang mga ito. Ang iba naman ay naka-polo shirt.

“Ate, tara na!” aya ni Mylene na hindi niya napansing nasa tabi niya na pala.

“My, kilala mo ba ang apat na lalaking iyan?” aniya, sabay nguso sa mga lalaki na ngayon ay may kausap na isang babae.

Sa dinami-dami ng babaeng nandito sa bayan, bakit sa isang babaeng hindi naman kagandahan lumapit ang grupo? Sa madaling salita, bakit hindi lumapit sa kanya ang mga ito? Kung ganda at sexy lang naman ang pagbabasehan, nakakalamang si Claire sa mga babaeng kausap ng mga ito ngayon. Morena nga siya dahil na rin sa pagiging isang mountaineer niya, pero flawless siya. Hindi sa pagmamayabang, pero maganda raw siya sabi ng mama niya. Expressive ang chinita niyang mga mata at katamtaman ang tangos ng ilong. Manipis lang din ang lips niya.

Pati ba naman sa bayan ng La Carlota ay wa pa rin epek ang kagandahan niya?

“Ah, ‘yan? Mga taga-Cebu din. Madalas ang mga

iyang umakyat ng *Mount Kanlaon*.”

Agad siyang bumaling sa dalagita dahil sa narinig. “Taga-Cebu din? Mountaineers?”

Bakit hindi man lang nagkrus ang landas nila ng isa sa apat na lalaking iyon? Natuon ang pansin niya sa lalaking iyon na siyang kumakausap sa babae. Nakaangat ang kaguwapuhan nito sa lahat. Nang saglit itong lumingon sa lugar niya ay nakumpirma niyang guwapo nga talaga ito! Matangos ang ilong nito, medyo makapal ang mga kilay. Gustung-gusto niya ang lips at mga mata nito. Sa hinuha niya ay may lahing banyaga ang lalaki. Masyado itong guwapo para maging pure Pinoy. Ito rin ang pinakamataas sa apat.

Tall, moreno and ruggedly handsome. Kung tatahi si Ryan dito, hindi siya magdadalawang-isip na piliin ang estranghero.

Speaking of Ryan, tiyak niyang mamumuti ang mga mata nito sa kakahintay sa kanya. Ngayon ang Recruitment Day nila at hindi man lang siya nagpaalam dito na hindi siya dadalo. Simula noong dumating siya rito ay hindi man lang sumagi sa isip niya ang lalaki. Biglang nawala sa isip ni Claire na isa ito sa mga dahilan kung bakit nakapagdesisyon siyang umakyat ng *Mount Kanlaon*.

“Oo. Tulad mo, in search din ang mga iyan sa black unicorn kaya madalas dito.”

Binalik niya ang pansin sa apat na lalaki, partikular na sa lalaking mas nakakuha ng atensyon niya. Hindi pa man niya nakikita ang unicorn ay nagsisimula nang dumating ang suwerte sa buhay niya. Pakiramdam ni Claire ay tama ang desisyon niya.

“Paano mo naman nalaman?”

“Sa *Mambucal Resort* naka-check-in ang mga ‘yan. Siyempre pa, nand’on si Kuya Mark. Nang minsang pumunta ako kay Kuya, nakita ko sila. Na-cute-an ako sa kanila kaya nagkainteres akong tanungin si Kuya.”

“Really?” mahinang sabi niya. Parang natutulala pa rin siya sa kagwapuhan ng lalaki.

“Yup! Lagi ngang may dalang isa o dalawang babae ang mga ‘yan kapag umaakyat ng bundok, eh.”

“What! Bakit? Ginagawa nilang sex slave?” Bumaling uli siya sa dalaga. Hindi na yata kayang tanggapin na mga rapists ang mga ito. Kaunti na nga lang ang mga guwapong tulad nito sa Pilipinas, magiging rapist pa ba ang mga ito?

“Grabe ka naman, Ate! Napakahalay mo mag-

isip. Hindi mo ba alam?”

“Ang alin?”

“Sa babae lamang nagpapakita ang mga unicorns. Never pang nagpakita ang mga ito sa mga lalaki. Akala ko pa naman ay alam mo na ang tungkol d’on since interesado ka rin sa unicorn.”

Natahimik siya. Hindi dahil napahiya siya sa sinabi ni Mylene kundi dahil nag-iisip siya. Kung nakikipag-usap ito sa isang babae ngayon, ibig bang sabihin ay wala itong kasamang babae sa pag-akyat ng bundok ngayon?

“Eh, bakit wala silang kasamang babae ngayon?”

“Baka naiwan sa resort.”

“Or maybe, wala pa silang nakukuhang babae,” mahinang sabi niya at walang paalam na humakbang.

“Ate, s’an ka pupunta?” sigaw ni Mylene sa kanya.

Hindi na niya sinagot pa ang dalaga at nagpatuloy na sa paglalakad palapit sa mga lalaki.

3

“Pasensya na po talaga. Kabilin-bilinan po kasi ng nanay ko na huwag aakyat ng *Kanlaon* kung ang sagradong kabayo ang hahanapin ko,” tanggi ng dalagang kinausap nina Lander.

“Sige, Miss, maraming salamat,” ani Lander at hinatid ng tanaw ang babae.

Bagsak ang balikat na humarap siya sa mga kaibigan.

“Now what, pare? Pang-limang babae na ‘yun sa araw na ito.” Parang nawawalan na rin ng pag-asa si Arjay. Isa itong professional mountaineer at marami na ring naakyat na bundok sa loob at labas ng Pilipinas.

“Makakahanap din tayo ng babae. Huwag kang mag-aalala,” pampalakas niya ng loob sa mga kasama. Tatlong araw na silang naghahanap ng babae, ngunit hanggang ngayon ay wala pa rin silang mapapayag na sumama sa kanila. Na-postpone ang pag-akyat nila ng *Kanlaon* dahil sa problemang iyon.

“Kahit naman siguro sinong virgin ang kakausapin natin, pare, wala pa ring papayag kung siya lang nag-

iisang babae sa grupo,” pahayag ni James.

May punto ito. Napabuntong-hininga si Lander at inilibot ang tingin sa paligid. Hanggang sa mapansin niya ang isang babaeng nakangiti at palapit sa kanila. Napakunot-noo siya.

“Speaking of babae. Pamatay ang katawan ng isang ito,” ani Charles at hindi napigilang sumipol sa babaeng ngayon ay nasa harap na nila.

Matamis itong ngumiti kay Charles na nagpalitaw sa malalim nitong dimple sa kaliwang pisngi bago bumaling sa kanya. “Hi! I’ve heard you’re looking for a girl na sasama sa inyo sa *Kanlaon*?”

“Naghahanap nga! Bakit?” Si James ang sumagot.

Hindi niya alam kung saan nito nakuha ang impormasyong iyon, ngunit sa ayos pa lang nito, hindi niya na gusto ang babae. Huwag naman sanang mangyari ang iniisip niya.

“Well, I’d like to volunteer.” Hindi nawawala ang ngiti nito sa mga labi.

Nagulat ang tatlo niyang kaibigan sa direktang sinabi nito. Bumagsak naman lalo ang mga balikat ni Lander. Tama nga ang hula niya. Gusto nitong sumama sa kanila. Obvious na hindi ito taga-roon.

Una, sa damit nitong sleeveless blouse at maikling shorts na kulang na lang ay maging underwear sa sobrang ikli. Pangalawa ay sa pag-approach nito sa kanila nang walang pag-aalinlangan. Pangatlo ay dahil sa pananalita nito. Hinawi nito ang ilang hibla ng buhok na tumakip sa mukha nito dahil sa hangin at inipit sa likod ng tainga.

“Hindi n’yo kasi naitatanong, fascinated din ako sa mga unicorns. When I heard about the black unicorn with a golden horn dito sa *Mount Kanlaon*, sumama ako agad sa friend ko na taga-rito din. First time kong aakyat ng *Mount Kanlaon* kaya plano kong maghanap lang ng guide na makakasama ko. Pero buti na lang at nakita ko kayo. Actually, taga-Cebu din ako at may experience na ‘ko sa mountain trekking so wala kayong magiging problema sa ‘kin during our journey,” mahabang litanya nito bago pa sila nakapagsalita.

“That’s good!” Nakabawi na si Arjay sa pagkagulat nito. “At least, hindi na kami mahihirapang maghanap. Di ba, mga pare?” baling nito sa mga kasama.

Sumang-ayon ang lahat maliban sa kanya.

Mas lalong lumapad ang ngiti ng babae. Mahaba at tuwid ang buhok nito na hinayaan lamang na nakalugay. Mukhang totoo nga ang sinabi nitong

mountaineer ito base na rin sa katawan nito. Physically fit ito at halatang sanay sa mga mahirap na gawain.

“Really? I’m so glad! So, kelan tayo aakyat?” Halata ang excitement sa tono ng pananalita nito.

“Bukas ng umaga. Kailangan nasa Wasay na by eight a.m.,” sagot ni James.

“Hindi puwede. D’on na kami dumaan the last time. Ngayon, kung ayaw mo, puwede ka pang umatras,” seryosong sabi ni Lander.

Nahuli niyang naging sarkastiko ang ngiting ibinigay nito sa kanya. Ngunit bigla rin namang binawi at pinalitan ng isang ubod-tamis na ngiti. “No, it’s okay. Kahit saan puwede, I was just making a suggestion.”

“Ano nga pala’ng name mo?” Si Arjay ulit.

“Ay, oo nga pala. I’m Claire,” nakangiting pakilala nito, sabay lahad ang isang kamay.

“Arjay.” Ito ang unang tumanggap ng kamay ng babae.

“Charles here.” Itinaas lang nito ang kanang kamay dahil nasa likuran ito ni Arjay.

“I’m James,” anito, sabay lahad ng kamay na tinanggap naman ng babae.

Napatangu-tango ang dalaga pagkatapos ay bumaling sa kanya. Nagtatanong ang mga mata. “And you are...?”

“Lander,” mahina at nakakunot pa rin ang noong sabi niya.

Ngumiti ang dalaga sa kanya. “Nice name. So, kita na lang tayo tomorrow morning?”

Tumango siya.

“Okay! ‘Bye, guys!” May kasama pa iyong kaway at tumalikod na sa kanila. Napansin niya ang dalagita na hindi kalayuan sa kanila. Nang mapansin nitong tapos na silang mag-usap ay naglakad na ito palapit sa babaeng nagpakilalang si Claire.

“Bilib na talaga ako sa ‘yo, Ate. Ang lakas talaga ng loob mo. Lumapit ka na lang agad sa kanila nang hindi ka man lang naghahanda,” narinig niyang sabi ng dalagita rito.

“Ikaw lang, eh, wala kang bilib sa ‘kin. Ganyan talaga ang kalakaran ng buhay, pakapalan na ng mukha at paunahan kung gusto mong makuha ang gusto mo. Hindi na uso ang mahiyain ngayon. Wala

kang mapapala kung hihintayin mo lang ang tadhana na gumawa ng paraan para sa ‘yo. Tandaan mo ‘yan.’”

Napailing siya sa narinig na payo ni Claire. Ang utak nga naman ng mga babae ngayon.

“Whew! Ibang klase, huh?” bulalas ni James nang mawala na sa paningin nila ang babae.

“Para namang hindi ka na nasanay. Ang dami niyan sa ‘tin, hanggang ngayon nagugulat ka pa rin?” Si Charles.

“Well, hindi ko lang alam kung saan nakukuha ng mga babaeng iyan ang lakas ng loob.”

Nakita niyang kumibit ng balikat si Arjay. “At least, hindi na tayo mamomroblema. Puwede na tayong umuwi.”

“We need to find another woman,” desisyon niya habang tinitingnan pa rin ang kanto na nilikuan ni Claire.

Gulat na napatingin sa kanya ang apat. “Bakit pa?” reklamo ni Charles.

“Hindi natin alam kung qualified ba siya o hindi. At base sa nakita natin, I don’t think she is.” Tiningnan niya isa-isa ang mga kaibigan.

“Kung gan'on, bakit pumayag ka pang sumama siya?”

“Alangan namang bastusin ko ‘yung babae at tanggihan? And she knows we need one.”

“Eh di sana, pare, nagsinungaling ka na lang,” ani James.

“I was going to, kung hindi mo lang ako naunahan.”

“She’s also fascinated with unicorns. Malamang alam niya na kailangang virgin pa ang isang babae para lapitan ito ng unicorn. And the fact na siya mismo ang nag-volunteer, virgin pa nga siya.”

Umiling siya. “Hindi ko alam kung ano’ng plano niya, pero duda ako sa ibang sinabi niya.”

Napansin niyang aangal pa sana si Charles ngunit naunahan ito ni Arjay. “So what are we going to do now, pare?”

Siya ang leader ng grupo. Anuman ang desisyon niya ay sinusunod ng mga ito.

“We’ll look for another girl,” aniya at humakbang na.

“Makahanap naman kaya tayo?” narinig niyang

mahinang tanong ni Charles.

Wala pang alas ocho ay nasa Wasay entrance station na si Claire. Hinatid siya ng Kuya Mark ni Art bago ito dumerecho ng *Mambucal Resort*. Ang buong akala niya ay siya ang pinakamaaga sa kanilang lima. Ngunit nauna pa rin pala ang apat na lalaki kaysa sa kanya.

Kunsabagay, malapit lang ang resort sa Wasay kumpara sa La Carlota. At kung iisipin, hindi ideal sa kanya iyon. Ang Guintubdab entrance station ang pinakamalapit mula sa La Carlota. Ngunit may magagawa pa ba siya? Mas kabisado ng mga ito ang park. At isa pa, hindi niya maintindihan ang sarili ngunit gusto niyang makasama sa pag-akyat si Lander. Kaysa naman sumakit ang ulo niya sa kaka-analyze ng nararamdaman niya ay minabuti niya nang sunduin ang dinidikta ng puso niya.

Sukbit ang mountaineer backpack niya ay lumapit na siya sa mga lalaki. Malayo pa man siya ay nakita na siya ng mga ito. Alam niya dahil nakatingin ang mga ito sa kanya.

“Good morning, guys!” masayang bati niya.

Hindi nalingat sa kanya ang paghagod sa

kanya ng tingin ni Lander mula ulo hanggang paa. Siguro ay duda pa rin ito sa sinabi niya kahapon na mountaineer din siya. Ngunit sa suot niya ngayon, tiyak maniniwala na ang mga ito. Nakasuot pa rin siya ng maikling shorts. Mas mahaba nga lang nang kaunti kumapara sa isinuot niya nang nakaraang araw. Suot niya ang pink *RMC* t-shirt na pinatungan ng black jacket at rubber shoes naman ang pangyapak. Nakapusod din ang buhok niya.

“Hi, Claire!” nakangiting bati rin ni Charles.

“*RMC* member ka pala?” tanong ni Arjay nang makita ang logo sa t-shirt niya.

Tumango siya. “Yup. Alam mo ‘yung group namin?”

“Yeah. *RMC* din ako galing bago ako lumipat sa *Philippine Mountaineers*.”

Namilog ang mga mata niya. “Talaga? Wow! As in kayong lahat?”

“Siya lang. Si Charles naman, freelance programmer. Kami ni Lander, may maliit na negosyo.” Si James ang sumagot.

Bumaling siya kay Charles. “Freelancer ka? Same tayo! Website designer naman ako.”

Lumapad ang ngiti ng tinanong niya. “Tingnan mo nga naman ang pagkakataon.”

“Sinabi mo! Let’s talk about it habang naglalakad tayo,” sang-ayon niya bago lumingon kay Lander. Ito lang ang hindi kumakausap sa kanya. Simula pa kahapon ay nakakunot na lang palagi ang noo nito. Hindi niya alam kung dahil ba sa disgusto nito o natural lang na kunot ang noo nito.

Hindi ba ito napapagod?

Oh well, wala na itong magagawa. Nandito na siya sa ayaw man o hindi. Kailangan siya ng mga ito para mahanap ang unicorn. Hinala niya lang na naghahanap ang mga ito ng babae kahapon, ngunit pinalabas niyang alam niya talaga para lamang pumayag ang mga ito at hindi na makatanggi.

“So ano, go na?” nakangiting aya niya sa mga ito.

“May hinihintay pa tayo, eh.” Si Arjay.

“Huh? Sino?” nagtatakang tanong niya. May iba pa bang kasama ang mga ito?

“O, ‘eto na pala si Diane, eh,” ani James, sabay turo sa likuran niya.

Napalingon siya at nakita ang isang babaeng papalapit sa kanila. Nakamaong pants ito, blouse at

sandals. Para itong mamamasyal sa mall kung ayos ang pagbabasehan. Isang hindi kalakihang backpack ang dala nito. Halatang amateur ang babae sa trekking. Hindi ba nito alam na hindi advisable ang pagsusuot ng sandals para sa isang taong aakyat ng bundok?

Dumaan sa gilid niya si Lander at sinalubong ang babae. Umigkas ang kilay niya. Bakit hindi man lang siya nito sinalubong kanina o ng isa sa mga lalaki?

It's so unfair! sigaw ng isip niya.

Nakita niyang ngumiti ang lalaki rito. Nag-usap pa saglit ang mga ito bago sabay na lumapit sa kanila. Hinawakan pa ng binata ang siko ng babae.

Bakit hindi binibigay ni Lander sa kanya ang ganoong ngiti? *Bahkeet?!?*

Ngumiti ang babae sa kanya nang magtama ang kanilang mga mata. Na hindi niya naman ginantihan ng ngiti o tango man lang.

Suplada na kung suplada, pero hindi niya gusto ang ginagawa ni Lander para rito.

“Hi! I’m Diane pala,” kiming pakilala ng dalaga sa kanya.

Hindi niya alam pero hindi niya gusto ang babae.

Kung tutuusin ay mukha naman itong mabait at walang ginagawang masama sa kanya.

“Claire,” tipid niyang pakilala at pasimpleng pinagmasdan ang kamay ni Lander na nakahawak pa rin sa siko nito.

“Let’s go, guys,” aya ni Lander, sabay hakbang. Hindi man lang siya nito tiningnan.

Sumunod na rin ang tatlo pang lalaki kina Lander at Diane, maliban sa kanya.

“Teka muna, sandali,” hindi napigilang sabi niya. Sanhi para matigil din ang apat na lalaki pati na rin si Diane.

“Care to explain kung bakit naghanap pa kayo ng isa pang makakasama? I thought isang babae lang ang kailangan n’yo?” tanong niya. Wala siyang pakialam kesehodang marinig pa ni Diane iyon.

Lumapit sa kanya si Lander. Inilapit nito ang mukha nito sa kanya. On instinct ay inatras ni Claire ang kanyang mukha.

“Bakit, may problema ba kung dalawa ang kunin namin? As far as I can remember, wala kaming sinabi na isa lang ang kukunin namin,” anito.

Natameme siya. Oo nga naman. Ano ba ang

masama kung dalawa sila ni Diane? Ano ba ang ikinaiinis niya? Bakit ba siya nagreklamo? Eh, ano ngayon kung mali ang akala niya?

“E-eh kasi... a-ano...” *Ano nga ba ang sasabihin ko?*

“Kinuha namin si Diane para makasigurado. Mahirap nang umakyat ng bundok na hindi sigurado sa kasama namin. Ayokong magpakapagod sa pagakyat kung wala rin namang mangyayari.”

“What? Teka, teka muna...” Nag-isang linya ang mga kilay ni Claire. Ano ang ibig sabihin hindi ito sigurado sa kanya? Hanggang ngayon ba naman ay duda pa rin ito sa kakayahan niya?

“Hindi kami sure kung birhen ka pa o hindi na kaya kinuha namin si Diane,” anito at tumalikod na sa kanya.

Maging ang mga kaibigan nito ay nagulat sa derechang sinabi ng lalaki. Parang mga sisiw na tumalikod ang mga ito at sumunod kay Lander. Maliban kay Charles. Si Diane naman ay napayuko at parang napahiya.

“What the—”

Nag-init ang tainga niya dahil sa narinig. Ano

ang kinalaman ng virginity niya sa pag-akyat ng bundok? Ano ang ibig nitong sabihin? Na duda ang mga ito kung virgin pa ba siya kaya kumuha ito ng isang totoong birhen? Hindi ba nito alam na never been kissed and never been touched pa siya?

Mabibilis ang hakbang na sumunod siya kay Lander na nasa tabi na noon ni Diane. Makikita nito ang hinahanap nito. Bakit ganoon ang inakala ng mga ito?

“Claire, easy ka lang. Pagpasensyahan mo na lang si Lander. Gan'on lang talaga siya minsan kung magsalita,” pigil ni Charles sa kanya.

Tumingin siya rito, nanlilisik ang mga mata. “Gan'on ba ang tingin n'yo sa 'kin, ha? Bakit? Ano ba'ng ginawa ko para mag-conclude kayo ng gan'on? Ni hindi n'yo pa nga ako kilala nang lubusan.”

Guilty ang tinging ibinigay ni Charles sa kanya. “Ako na ang humihingi ng sorry.”

“Kung duda kayo, puwede n'yo namang itanong sa 'kin nang derecho.”

Hindi sumagot ang binata; sa halip ay yumuko ito.

Napabuntung-hininga siya. “Sumunod ka na sa

kanila. Hindi na 'ko tutuloy.”

“Pero, Claire—”

“Just go, Charles,” mahinang ngumiti may diing sabi niya at tumalikod na rito.